



Pagiging Karapat-dapat para sa Tulong sa Mag-aaral

Matuto nang higit pa tungkol sa pag-aaplay para sa suportang pinansyal kapag nag-aaral sa isang Kolehiyo ng Pribadong Karera (Private Career College).

Mahalaga!

Kung naghahanap ka ng pampinansyal na suporta para sa iyong edukasyon, tiyaking alam mo ang mga patakaran at ang mga kasangkot na panganib. Maging handa na bayaran ang iyong utang at mag-ingat sa mga manloloko at mga magnanakaw ng pagkakakilanlan. Panatilihin ligtas ang iyong personal na impormasyon. Kung kailangan mo ng tulong, kontakin ang Tulong sa Mag-aaral ng Alberta (Alberta Student Aid).

Pangkalahatang-ideya

Ang mga mag-aaral na pumapasok sa [mga programa sa mga lisensyadong pribadong kolehiyo ng karera](#) ay maaaring maging karapat-dapat para sa tulong sa mag-aaral sa lalawigan at pederal upang tumulong sa pagbabayad ng matrikula, mga bayarin, mga aklat at mga gastusin sa pamumuhay.

Ang mga mag-aaral na pumapasok sa mga programang hindi lisensyado sa mga pribadong kolehiyo ng karera ay hindi karapat-dapat para sa tulong ng mag-aaral.

Mga uri ng tulong sa mag-aaral

Ang mga karapat-dapat na full-time at part-time na mga mag-aaral ay maaaring makatanggap ng isang halo ng mga pautang at mga gawad.

- Ang mga pautang ay dapat bayaran pagkatapos ng iyong programa, kahit na hindi mo nakumpleto ang programa.
- Ang mga gawad ay hindi kailangang bayaran pabalik maliban kung magbago ang iyong pagiging karapat-dapat.

Kung gaano karaming pera ang iyong matatanggap ay depende sa iyong sitwasyon sa pananalapi at akademiko. Mayroong taunan at panghabambuhay na mga limitasyon sa pautang, na nangangahulugang hindi ka makakatanggap ng karagdagang mga pautang sa mag-aaral hanggang sa mabayaran mo ang iyong balanse.

Kung nakatanggap ka na ng iba pang mga uri ng suporta sa kita mula sa pamahalaan ng Alberta, maaari mong mawala ang suportang iyon kung mag-aplay ka para sa tulong sa mag-aaral. Makipag-ugnayan sa iyong manggagwa ng kaso para sa impormasyon bago ka mag-aplay.

Bago ka mag-aplay

- Magsaliksik sa pribadong karera sa kolehiyo na plano mong pasukan.
- Tingnan kung naaayon ang mga programang inaalok sa iyong mga layunin sa karera.
- Tingnan kung sapat na kapani-paniwala ang mga kredensyal upang matulungan kang buuin ang iyong karera.
- Unawain ang iyong [mga karapatan at responsibilidad](#) at ng kolehiyo.
- Alamin kung ang [paaralan at programa ay karapat-dapat para sa tulong sa mag-aaral](#).
- Alamin kung ikaw ay [kwalipikado para sa tulong sa mag-aaral](#).

Protektahan ang iyong sarili mula sa panloloko

Mahalagang protektahan ang iyong sarili at ang iyong personal na impormasyon mula sa panloloko o pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Ikaw ang may pananagutan para sa impormasyong isinumite sa iyong aplikasyon para sa pautang sa mag-aaral.

- Mag-aplay lamang online sa website ng Tulong sa Mag-aaral ng Alberta (Alberta Student Aid).
- Isumite ang iyong sariling aplikasyon.
 - Huwag hayaan ang sinuman na mag-aplay para sa tulong sa mag-aaral para sa iyo. Kabilang dito ang kawani at mga tagarekluta ng pribadong karera ng kolehiyo.
 - Huwag ibahagi ang iyong personal na impormasyon sa isang taong hindi mo kilala (account sa bangko, numero ng panlipunang seguro (social insurance) o impormasyon sa pautang ng mag-aaral).
 - Kung kailangan mo ng tulong, tawagan ang Sentro ng Serbisyo para sa Tulong sa Mag-aaral ng Alberta (Alberta Student Aid Service Center) sa 1-855-606-2096, Opsyon 1.
- Tiyakin na ang impormasyong ibinibigay mo sa iyong aplikasyon ay makatotohanan at tama. Ang pagbibigay ng mali o mapanlinlang na impormasyon ay maaaring makapagkansela sa iyong pagpopondo o magresulta sa mga kasong kriminal.
- Iulat kaagad ang pandaraya at pagnanakaw sa pagkakakilanlan sa [Tulong sa Mag-aaral \(Student Aid\)](#) kung sa tingin mo ay naging target ka.

Paano mag-aplay

- Maaari kang mag-aplay para sa parehong panlalawigan at pederal na tulong ng mag-aaral online sa studentaid.alberta.ca.
- Kailangan mong magsumite ng isang aplikasyon lamang.
- Dapat kang lumikha ng isang napatunayang Alberta.ca Account upang magamit ang sistema ng aplikasyon.
- Sundin ang mga hakbang-hakbang na tagubilin.

Kontak

Upang makakuha ng tulong sa iyong aplikasyon mula sa isang pinagkakatiwalaang pinagmulan, tawagan ang:

[Sentro ng Serbisyo para sa Tulong sa Mag-aaral ng Alberta \(Alberta Student Aid Service Centre\)](#)

Libreng-tawag sa Hilagang Amerika: 1-855-606-2096